Atrial Fibrillation

Atrial fibrillation is also called A-fib or atrial fib. This is an abnormal heart rhythm.

The heart's rhythm is controlled by electrical signals in the heart. The **sinus node** sends electrical signals to the rest of the heart. These signals cause the heart to contract and pump blood. Normally, the heart contracts and relaxes at a regular rate. With atrial fib, the sinus node does not start the electrical signal. Signals come from other spots in the right or left atrium. This causes the heart to beat irregularly and at times very fast.



Signs of Atrial Fib

- Irregular heart beat
- The feeling of rapid thumping inside the chest called heart palpitations

Pagkislot ng mga Kalamnan sa mga Silid ng Puso

Ang pagkislot ng mga kalamnan sa mga silid ng puso (atrial fibrillation) ay tinatawag ring A-fib o atrial fib. Ito ay isang di-karaniwang ritmo ng puso.

Ang ritmo ng puso ay nakokontrol sa pamamagitan ng mga de-kuryenteng hudyat sa puso. Ang **buko ng sinus** (sinus node) ay nagpapadala ng mga de-kuryenteng hudyat sa iba pang bahagi ng puso. Ang mga hudyat na ito ang sanhi ng pagliit ng puso at pagbomba nito ng dugo. Sa karaniwan, maayos ang dalas ng pagliit at paglubay ng puso. Kapag may pagkislot ng mga kalamnan sa mga silid ng puso (atrial fib), ang buko ng sinus ay hindi nagpapasimula ng de-kuryenteng hudyat. Ang mga hudyat ay nanggagaling sa ibang bahagi ng kanan o kaliwang silid ng puso (atrium). Nagiging sanhi ito upang hindi maging maayos ang tibok ng puso at kung minsan ay masyado itong mabilis.



Mga Palatandaan ng Pagkislot ng mga Kalamnan sa mga Silid ng Puso (Atrial Fib)

- Hindi regular na tibok ng puso
- Ang pakiramdam ng mabilis na kabog sa loob ng dibdib na tinatawag na mabilis na tibok ng puso (heart palpitations)

- Shortness of breath
- Tire easily with activity
- Feel faint, dizzy or lightheaded

Your Care

Your doctor will check your pulse and listen with a stethoscope for an irregular heart beat. Your doctor may order tests such as:

- An electrocardiogram (ECG or EKG)—a record of your heart's electrical activity
- Holter monitoring—a record of your heart rate for 24-48 hours
- Other tests to check for heart disease

Your treatment may include:

- Medicine to help regulate your heart rhythm and rate. You may also need to take a blood thinner called an anticoagulant to reduce the risk of blood clots and stroke.
- A cardioversion if medicine does not help. This is a low energy electrical shock applied through the skin to the heart to convert an abnormal heart rhythm to a normal rhythm. Sedation medicine is given before this is done.

People with atrial fib are at a higher risk for stroke or serious heart problems if atrial fib is not controlled. It is very important to be under a doctor's care.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

8/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

- Paghabol sa hininga
- Madaling mapagod kapag may ginagawa
- Pakiramdam ng panghihina, pagkahilo o pagkahimatay

Ang Inyong Pangangalaga

Susuriin ng inyong doktor ang inyong pulso at pakikinggan nito kung may hindi regular na tibok ang inyong puso sa pamamagitan ng istetoskopyo (stethoscope). Maaaring ibilin ng inyong doktor ang mga pagsusuri kagaya ng:

- Electrocardiogram (ECG o EKG) – talaan ng de-kuryenteng gawain (electrical activity) ng inyong puso
- Pagsubaybay gamit ang Holter – talaan ng tibok ng inyong puso sa loob ng 24-48 na oras
- Iba pang pagsusuri upang tuklasin ang sakit sa puso

Maaaring kabilang sa inyong paggagamot ang:

- Gamot upang tulungang ayusin ang ritmo at tibok ng inyong puso. Maaari ding kailanganin ninyong uminom ng gamot na pampanipis ng dugo (blood thinner) na tinatawag na pangontra sa pamumuo ng dugo (anticoagulant) upang mabawasan ang panganib ng pamumuo ng dugo (blood clots) at atake (stroke).
- Pagbago sa ritmo ng puso (cardioversion) kung hindi nakakatulong ang gamot. Ito ay de-kuryenteng panindak na may mababang enerhiya (low energy electrical shock) na inilalapat sa balat sa tapat ng puso upang baguhin ang hindi regular na ritmo ng puso sa regular na ritmo. Ibinibigay ang pampakalmang gamot (sedation medicine) bago ito isinasagawa.

Ang mga taong mayroong pagkislot ng mga kalamnan sa mga silid ng puso (atrial fib) ay mas mataas ang panganib ng atake o malubhang karamdaman sa puso kung hindi makokontrol ang pagkislot ng kalamnan. Lubhang mahalaga na sumailalim sa pangangalaga ng doktor.

Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong mga katanungan o mga pag-alala.

8/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.